


Kapag ipinasara ng Monetary Board (MB) ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) ang isang bangko, itinatalaga nito ang Philippine Deposit Insurance Corporation (PDIC) bilang *Receiver* ng nasabing bangko. Inaatasan din ng MB ang PDIC na isagawa ang *liquidation* ng ipinasarang bangko.

Responsibilidad ng PDIC na i-*convert* sa *cash* ang mga ari-arian ng ipinasarang bangko para tumaas ang tsansa na mabayaran ang *claims* ng *creditors* at *uninsured depositors* ng ipinasarang bangko.

Maliban sa pagkolekta ng bayad sa mga pautang ng ipinasarang bangko, isang paraan ng PDIC sa pag-*liquidate* ay ang pagbebenta ng mga ari-arian ng ipinasarang bangko.

Ang mga ari-arian ay ipinagbibili ng PDIC sa pamamagitan ng *public bidding*. Ang mga ari-arian na hindi naipagbili sa *public bidding* ay ibinebenta sa pamamagitan ng *negotiated sale*.

Kaya kung ikaw ay naghahanap ng sarili mong tirahan, nag-iisip na mamuhunan sa *real estate*, o kaya'y naghahanap ng de-kalidad na segunda manong mga sasakyan at iba pang kagamitan, i-tsek ang imbentaryo ng mga ari-arian na ipinagbibili ng PDIC.




Ang **Philippine Deposit Insurance Corporation** (PDIC) ay isang *government instrumentality* na itinatag ng Kongreso sa pamamagitan ng Republic Act No. 3591 noong ika-22 ng Hunyo 1963 para protektahan ang mga depositor at isulong ang katatagang pinansyal ng bansa.

Ang PDIC ang *state deposit insurer*. Nagbibigay ito ng proteksyon sa mga depositor sa pamamagitan ng *deposit insurance* para sa lahat ng *insured deposits* sa mga bangko sa Pilipinas.

Ang PDIC din ang *statutory receiver* ng mga bangkong ipinasara ng *Monetary Board* ng BSP.

Para maisagawa ang mandatong ito, pinamamahalaan ng PDIC ang mga *asset*, *record*, at operasyon ng mga ipinasarang bangko para mapagpasyahan ang mga *claim* ng *creditors* ayon sa *Rules of Preference and Concurrence of Credits* ng *Civil Code of the Philippines*.

Philippine Deposit Insurance Corporation
PDIC Chino Bldg., 2228 Chino Roces Avenue
Makati City 1231

Hotline: (02) 8841-4141 (Para sa mga tawag mula sa Metro Manila)
Toll-free: 1-800-1-888-PDIC or 1-800-1-888-7342 (Para sa mga tawag mula sa labas ng Metro Manila)

Website: **www.pdic.gov.ph**
Facebook: **www.facebook.com/OfficialPDIC**
X (dating Twitter): **@OfficialPDIC**
YouTube: **www.youtube.com/@PDICOfficial**

PDIC

© 2023

# Pagbili ng **Real Properties at Iba Pang mga Ari-arian**

## Gabay para sa Prospective Buyers




## PUBLIC BIDDING

Isinasagawa ang *public bidding* nang *onsite* (*face-to-face*), *online* (*virtual/electronic bidding*), o *hybrid* (*onsite* at *online*).


Kung ang ari-ariang nais mong bilhin ay ipinagbibili sa pamamagitan ng *onsite* o *face-to-face* na *public bidding*, magpasa ng *bid* sa itinakdang petsa at oras ng pagtanggap nito sa lugar kung saan gaganapin ang *public bidding*. Siguraduhing kumpleto ang mga kinakailangang detalye sa *Bid Proposal Form*. Ang *Bid Proposal Form* ay maaaring i-*download* mula sa *Downloadable Forms section* ng *Assets for Sale microsite* sa assetsforsale.pdic.gov.ph.

Kung ang gusto mong ari-arian ay ipinagbibili sa pamamagitan ng *online* o *electronic bidding* (*e-bidding*), kailangan ang *one-time registration* sa *e-bidding portal* ng PDIC. Narito ang mga hakbang sa pagrehistro:

1. Sa *home page* ng *Assets for Sale microsite*, i-*click* ang "*e-Bidding*" *button* sa itaas na kanang bahagi ng *screen*.




2. I-*click* ang "*Register here*" para pumunta sa *registration page* kung saan matatagpuan ang mga detalyadong hakbang sa pag-*register*.




Pagkatapos makapagrehistro, maaari mo nang isumite ang iyong *bids* gamit ang *e-Bidding Portal* ng PDIC. Maaari ka na ring lumahok sa lahat ng gaganaping *public e-biddings* ng PDIC.

May *tutorial video* rin tungkol sa pagpapaparehistro sa *official PDIC YouTube channel* sa:

**bit.ly/register-pdic-ebiddings**



## NEGOTIATED SALE

Kung ang ari-ariang gusto mo ay ipinagbibili sa pamamagitan ng *negotiated sale*, sagutan at pirmahan ang *PDIC Offer to Buy (OTB) Form* at ang *Buyer Information Sheet (BIS)* na maaaring ma-*download* sa **bit.ly/PDICOTBForm** at **bit.ly/PDICBIS.**

**Maaari rin i-*download* ang *forms* gamit ang sumusunod na *QR codes*:**

***Offer to Buy (OTB) Form***

***Buyer Information Sheet (BIS)***

Pagkatapos sagutan at pirmahan ang *forms*, ilagay ang mga ito sa isang selyadong *envelope* at ipadala sa *PDIC ROPA Disposal Committee Secretariat* sa pamamagitan ng alinman sa mga sumusunod:

1. Ihulog ang *sealed bid documents* sa *OTB Box* na matatagpuan sa PDIC Public Assistance Center, G/F, PDIC Chino Bldg., 2228 Chino Roces Avenue, Makati City 1231.

2. Ipadala ang *sealed bid documents* sa pamamagitan ng *postal mail* o *courier* sa *PDIC ROPA Disposal Committee* sa PDIC Chino Bldg., 2228 Chino Roces Avenue, Makati City 1231.

3. I-*email* ang malinaw na *scanned signed copies* ng OTB at BIS sa rdcsec@pdic.gov.ph.

Kung tinanggap ang iyong *offer to buy*, dapat magbayad sa loob ng 15 araw mula sa pagkakatanggap ng *Notice of Award* sa *PDIC Cashier*, o saan mang sangay ng Philippine National Bank (PNB), o sa Land Bank of the Philippines Link.BizPortal sa bit.ly/lbp-linkbiz.

## HANAPIN ANG KAILANGAN MO AT MAGING UPDATED

*Real property*, bahay at lupa, sasakyan, *office equipment*, o iba pang ari-arian man ang hanap mo, bisitahin ang aming malawak na imbentaryo ng *properties* at *assets* na pag-aari ng mga ipinasarang bangko at ng PDIC sa aming *Assets for Sale microsite* sa **assetsforsale.pdic.gov.ph** pati na rin ang *Other Properties and Equipment for Sale section* ng aming *website* sa **pdic.gov.ph/upes** para sa mga *equipment*, *furniture*, at *fixtures* na pag-aari ng PDIC.

Para malaman ang mga nalalapit naming *public biddings* at *negotiated sale*, bisitahin ang PDIC *Assets for Sale microsite*, *Other Properties and Equipment for Sale Section* ng aming *website*, at ang aming *Assets for Sale Facebook page* sa **facebook.com/PDICAssetsforSale**.

***Assets for Sale Website***

***Assets for Sale Facebook Page***

***PDIC UPES Web Page***